

# Mga Tatanungin sa Sarili Mo Kapag Pumipili ng Plano

Ang Health Insurance Marketplace® ay naghahandog ng iba't ibang uri ng mga plano upang harapin ang sari-saring mga pangangailangan at badyet. Karamihan ng mga tao ay kuwalipikado sa pag-ipon para gawing abot-kaya ang pangkalusugang coverage. Ihambing ang mga plano batay sa kung ano ang importante sa iyo, at piliin ang presyo at saklaw na akma sa iyong mga pangangailangan. Itanong sa sarili mo ang mga tanong na ito habang namimili ka ng Marketplace coverage.

## Makakakuha ba ako ng tulong sa pambayad sa Marketplace coverage?

Kapag nag-enroll ka sa planong pangkalusugan sa HealthCare.gov, makakahanap ka ng mga murang premium na plano kung kuwalipikado kang makatipid. Mas maraming tao kaysa dati ang maaaring kuwalipikado para sa ipon na nagpapababa sa halaga ng mga buwanang premium at pag-aalaga. Pagkatapos mong mapunan ang isang Marketplace na aplikasyon malalaman mo kung ika'y nararapat na makatipid. Ang pag-ipon na ito ay magagamit din sa dental na coverage ng anak mo, bahagi man ito ng iyong planong pangkalusugan o hiwalay na planong dental.

Pumunta sa HealthCare.gov/lower-costs makita kung maaaring kuwalipikado ka sa pag-ipon sa Marketplace batay sa kita mo.

## Anong mga benepisyo ang sinasaklawan ng mga planong pangkalusugan?

Lahat ng mga planong pangkalusugan sa Marketplace ay naghahandog ng esensiyal na pangkalusugang mga benepisyo Sinasaklawan ng mga benepisyong ito ang mga bagay tulad ng mga pagbisita ng doktor, reseta, pagkakaospital, pagbubuntis, at higit pa.

Mga planong pangkalusugan ay maaaring maghandog ng ibang mga benepisyo, tulad paningin, ngipin o medikal na pangangasiwang mga programa para sa isang espesipikong sakit o kondisyon. Gayunman, ang espesipikong mga benepisyo ay maaaring iba sa bawat estado. Kahit na sa isang parehong estado, maaaring mayroong maliliit na mga pagkakaiba sa pagitan ng mga plano. Habang inihahambing ang mga plano, makikita mo kung anong mga benepisyo ang sinasaklawan ng bawat plano.

## Paano ako hahanap ng planong kasya sa aking badyet at makakatugon sa mga pangangailangan ko?

Kapag pumipili ng plano, magandang ideya na pag-isipan ang kabuuan mong gastos sa pag-aalaga ng kalusugan, hindi lang ang binabayaran mong premium sa iyong kompanya ng insurance bawat buwan. Mga ibang mula-sa-bulsang gastos, tulad ng kabahagi sa insurance o kabahagi sa bayad, ay maaaring may malaking epekto sa kabuuan mong gastos sa pag-aalaga sa kalusugan.

Para pumili ng planong batay sa kabuuan mong gastos sa pag-aalaga, kailangan mong maestima kung gaanong pag-aalaga ang malamang mong gagamitin sa paparating na taon. Kapag hinambing mo ang mga plano sa Marketplace, mapipili mo ang inaasahang medikal na paggamit ng bawat miyembro ng pamilya bilang mababa, katamtaman o mataas. Kapag tumingin ka ng mga plano, makakakita ka ng estima ng mga kabuuan mong gastos—kasama ang iyong mga buwanang premium at lahat ng mga gastos na mula-sa-bulsa—batay sa inaasahang paggamit sa pag-aalaga ng sambahayan mo.

Ang mga plano ng Marketplace ay inilalagay sa 5 mga metal na kategorya: Bronze, Silver, Gold, Platinum, at Catastrophic. **Ang mga kategoryang ito ay batay sa kung paano mo at ng plano pinaghahatian ang kabuuang gastos sa pag-aalaga sa iyo.**

Sa pangkalahatan, ang mga kategorya ng plano na may mas mataas na mga premium (Gold at Platinum) ay nagbabayad ng mas malaki sa kabuuang gastos sa pag-aalaga sa iyo. Ang mga kategoryang may mas mababang premium (Bronze at Silver) ay nagbabayad ng mas kaunti sa mga kabuuan mong gastos. Tingnan ang exception sa mga planong Silver sa naka-shade na kahon.

Kung mas bata ka sa 30, maaari kang mag-enroll sa isang Catastrophic na plano may exemption ka man o wala. Kung 30 taong gulang ka o mas matanda, maaari ka lang mag-enroll sa kategorya ng plan na ito kung kuwalipikado ka sa pangkahirapang exemption (kabilang dito ang mga affordability exemption). Para matuto pa tungkol sa mga pangkahirapang exemption, pumunta sa HealthCare.gov/health-coverage-exemptions/hardship-exemptions.

## Narito kung paano ka makakahanap ng planong kategoryang gagana sa iyo:

- **Kung inaasahan mo ang maraming pagpapatingin sa doktor o kailangan ng mga regular na reseta:** maaaring gustuhin mo ng Gold o Platinum plan. Karaniwang may mas mataas na buwanang premium ang mga ito pero mas malaki ang binabayad sa gastos mo kapag kailangan mo ng pag-aalaga.
- **Kung hindi mo inaasahang gumamit ng mga regular na medikal na serbisyo at hindi gumagamit ng regular na reseta:** maaaring gusto mo ng isang Silver, Bronze o Catastrophic na plano. Karaniwang mas maliit ang gagastusin mo sa mga planong ito bawat buwan, pero mas maliit ang babayaran sa mga gastos mo kapag kailangan mo ng pag-aalaga**.**

**Kung kuwalipikado ka sa ekstrang katipiran sa mga mula-sa-bulsang gastos:** ang pinakamahusay mong halaga ay maaaring Silver na plano. Kung kuwalipikado ka sa "pagbabawas sa pagbabahagi sa gastos" batay sa kita mo, maaari kang magkaroon ng mas mababang makakaltas at magbayad ng mas mababang mula-sa-bulsang gastos (kasama ang mga kabahagi sa gastos at kabahagi sa insurance) kapag kumuha ka ng pag-aalaga—ngunit tanging kapag nag-enroll ka sa Silver na plano.

## Paano gumagana ang dental coverage sa Marketplace?

Matapos mong kumpletuhin ang iyong aplikasyon sa Marketplace at makuha ang mga resulta mo, maaari mong tingnan ang mga planong pangkalusugan na kasama ang dental na coverage. Ang ilang pangkalusugang plan ay naghahandog ng dental na coverage, pero hindi ang lahat ng ito. Kapag gusto mo ng dental na coverage at hindi ito hinahandog ng plano mo, maaari kang mag-enroll sa hiwalay na stand-alone na planong dental kasabay ng pag-enroll mo sa planong pangkalusugan. Sinasaklawan lang ng ilang mga planong dental ang mga bata at ang iba ay sumasaklaw sa mga pamilya. Dapat mong i-review ang mga detalye ng plan para masiguro na ang plan ay may kasamang mga benepisyong gusto mo.

Ang dental coverage ng mga bata sa Marketplace ay mahalagang pangkalusugang benepisyo. Nangangahulugan ito na kung ang anak mo ay 18 o mas bata, ang dental coverage ay dapat magamit bilang bahagi ng planong pangkalusugan o bilang stand-alone na planong dental.

## Masasaklawan ba ang aking doktor at mga de-resetang gamot?

Kapag nagsimula kang ihambing ang mga plano sa Marketplace, may opsiyon kang ipasok ang iyong mga doktor, medikal na pasilidad at de-resetang gamot. Kapag tiningnan mo ang mga plano, makikita mo kung saklaw ng bawat plan ang mga doktor, medikal na pasilidad at de-resetang gamot na ipinasok mo.

## Ano ang rating sa kalidad ng planong pangkalusugan?

Maihahambing mo ang mga planong pangkalusugan sa Marketplace gamit ang 5-star na rating ng kalidad para sa bawat plano. Sa ilalim ng 5-star na sistema sa rating ng kalidad, ang mga plano ay nire-rate sa iskalang 1-5. Ang kahulugan ng limang-star ay ang plano ay may pinakamataas na kalidad. Sa ilang kaso ang mga star na rating ay maaaring hindi magagamit, tulad ng kapag ang mga plano ay bago o mababa ang enrollment. Ang kakulangan ng star rating ay hindi nangangahulugan na ang mga plano ay may mababang rating ng kalidad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga rating ng kalidad, pumunta sa **Marketplace.cms.gov/outreach-and-education/choosing-a-high-quality-plan.pdf**.

## May mga tanong? May tulong na makukuha.

- Pumunta sa **HealthCare.gov/choose-a-plan** para sa karagdagang impormasyon.
- Maghanap ng sinuman sa lugar niyong tutulong sa iyo sa **LocalHelp.HealthCare.gov**.
- Kontakin ang Marketplace Call Center sa **1-800-318-2596**. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa **CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice**, o tumawag sa Marketplace Call Center sa 18003182596 para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

**Health Insurance Marketplace**
CMS Product No. 11672-T (Tagalog)
Revised October 2021
Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S..

Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services.

HealthCare.gov